ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 10

NAG-AATAS SA PAGLIKHA NG "TECHNICAL COMMITTEE ON SCHOLARSHIP FUND (TCSF)" SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, itinatadhana ng *R.A. No. 7160* o *Local Government Code of 1991* na isa sa mga tungkulin ng Sangguniang Bayan ay ang pagtatatag ng *scholarship fund* para sa mga mahihirap subalit karapat-dapat na mga mag-aaral na naninirahan sa kanilang munisipalidad;

SAPAGKAT, pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Marilao ang *Municipal Ordinance No. 881 series of 2019* na may pamagat na, *"An Ordinance Establishing Scholarship Fund for Poor but Deserving Students residing Permanently within the Municipality of Marilao and Enrolled in Public/Private Elementary Schools, Public/Private High Schools and Public/Private Colleges/Universities whether located within or without this Municipality and Providing Funds for the Purposes Therein"*;

SAPAGKAT, itinatakda sa Seksyon 5 ng *Municipal Ordinance No. 881* ang paglikha ng isang *Technical Committee* para sa pagbalangkas ng *Implementing Rules and Regulations (IRR)* ng nasabing Ordinansa;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. PAGLIKHA NG "TECHNICAL COMMITTEE ON SCHOLARSHIP FUND". - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay nililikha ang *Technical Committee on Scholarship Fund* (*TCSF* para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

Tagapangulo	:	**G. WILFREDO D. DIAZ** Pambayang Tagapangasiwa
Kasapian	:	**ATTY. RAUL M. CHAN** Pambayang Abogado
		G. MARTIN ARMANDO C. CRUZ Pambayang Tanggapan ng Pahintulutan at Paglilisensya ng Negosyo
		DR. JONAR C. DAVID Tagamasid Pampurok, DepEd Marilao North District
		DR. MAXIMO C. HERRERA Tagamasid Pampurok, DepEd Marilao South District

Ang **TCSF** ay dapat pumili ng **Kalihim** mula sa mga kasapi ng Lupon.

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang ***TCSF*** ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Magbalangkas at gawin ang *Implementing Rules and Regulations (IRR)* ng *Municipal Ordinance No. 881 Series of 2019* para sa pagpapatibay ng Punong Bayan at ng Sangguniang Bayan; at

e. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.

SEKSYON 3. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng ***TCSF*** ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng organisasyon at/o ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 4. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 6. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**10** ng **Marso**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan